Globalisasyon, Kultura, at Kamalayang Pilipino

Napoleon M. Mabaquiao Jr.
Pamantasang De La Salle-Maynila, Pilipinas

Ang isang hamon ng globalisasyong nagaganap sa larangan ng ekonomiya para sa iba't ibang lipunan o bayan ay kung paano mapapanatili at lalo pang maitataguyod ang kani-kanilang pambansang identidad sa harap ng mga pagbabagong dala at dulot ng nasabing globalisasyon, tulad halimbawa ng mga pagbabagong dulot ng mga makabagong teknolohiya, sa kani-kanilang mga kultura o pangkalahatang pamamaraan ng pamumuhay. Isinusulong sa papel na ito ang isang posibleng kasagutan sa hamong ito: ang pagtataguyod ng pambansang identidad ng kamalayan. Ang kasagutang ito ay bunga ng isang pilosopikal na pagsusuri sa mga pundamental na bagay na nagbibigay ng identidad sa kamalayan sa pangkalahatan at ng pagsisiyasat sa kung paano maitataguyod ang pambansang identidad ng kamalayan hango sa mga bagay. Ang mga pundamental na bagay na ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod: ang mga bagay kung saan nakatuon ang kamalayan, ang mga pangangailangang pinupunan ng kamalayan, ang mga pamamaraan (mga kategorya at wika) na ginagamit ng kamalayan, at ang konteksto (lugar at panahon) sa kaganapan ng kamalayan. Samantala, ang nasabing pagsisiyasat ay isinasagawa sa papel na ito sa konteksto ng pagtataguyod ng kamalayang Pilipino o ng identidad ng ating kamalayan bilang mga Pilipino.

Sa kabila ng mga kaginhawaang naidudulot sa ating buhay ng globalisasyon, may mga pangamba sa posibleng di magagandang kahihinatnan nito. Ang isang pangunahing pangamba ay may kinalaman sa pambansang identidad. Ang ating kultura ay maituturing na pinakakongkretong palatandaan ng ating pambansang identidad, kung kaya gumagawa tayo ng mga paraan upang mapanatili ang integridad nito. Subalit sa harap ng mga pagbabagong dala at dulot ng globalisasyon sa ating kultura, pinangangambahan na baka maglaho ang integridad ng ating kultura at sa kalaunan, ang ating pambansang identidad. Sa partikular, pinangangambahan na baka maging bahagi na lamang ang ating kultura ng isang pandaigdigang kultura na maaaring umusbong sa proseso ng globalisasyon o kaya naman ng mga kultura ng mga makapangyarihang bansa na siyang mga dominanteng manlalaro sa proseso ng globalisasyon. Kaugnay nito, pinangangambahan din na baka ang globalisasyon ay isa lamang instrumento ng pananakop ng mga makapangyarihang bansa sa mga di makapangyarihang bansa, sa pamamaraang di lantad o kaya ay nakalilinlang. Una, dahil ang posibleng pananakop sa pamamagitan ng globalisasyon ay hindi direktang nagaganap sa

pamamagitan ng pulitika—na siyang pamamaraan ng mga mananakop noong nakaraan—kundi sa pamamagitan ng ekonomiya. Ikalawa, dahil hindi natin namamalayan ang posibleng pananakop na ito dahil sa mga kaginhawaang ipinararanas sa atin ng globalisasyon. At ikatlo, dahil may kaisipan na nagsusulong na ang globalisasyon ang siyang susi sa paglutas ng ating mga problemang lokal. Kung ganito nga ang sitwasyon, ang ganitong uri ng pananakop ay masasabing mas masahol pa kaysa sa mga nakaraan, dahil ang sinisira nito ay hindi lamang ang ating pambansang kasarinlan kundi ang ating pambansang identidad mismo na siyang esensya ng ating pagka-Pilipino. Maaaring masakop tayo at pansamantalang mawala ang ating pambansang kasarinlan bagamat maaari pa rin tayong manatiling Pilipino. Ito ay kung buo pa rin ang ating pagka-Pilipino, kaya't makabuluhang gumawa tayo ng mga hakbang upang mabawi natin ang ating pambansang kasarilan, tulad ng ginawa ng ating mga bayani noong nakaraan. Subalit kung ang ating pambansang identidad mismo ang maglalaho, tuluyan nang mawawalan ng saysay ang ating pambansang kasarinlan. Ang ating bayan, sa ganitong sitwasyon, ay para na lamang isang katawan na bagamat buo at gumagalaw pa ay wala nang sariling kamalayan o kaluluwa.

Ang isang katotohanang kailangan nating tanggapin sa kasalukuyan ay hindi na tayo maaaring kumawala sa proseso ng globalisasyon. Gayunpaman, hindi ito nangangahulugan na wala na tayong magagawa sa mga posibleng kahihinatnan ng globalisasyon, lalo na sa larangan ng ating kultura. Sa katunayan, maaari pa nga nating gamitin ang globalisasyon mismo para pagyamanin ang ating kultura at lalong itaguyod ng ating pambansang identidad. Ang isang pamamaraan tungo sa ganitong layunin, na siyang sisiyasatin sa papel na ito, ay may kinalaman sa konsepto ng *Kamalayang Pilipino.* Bagamat ang kultura ay maituturing na pinakakongkretong palatandaan ng pambansang identidad, ito naman ay isang manipestasyon lamang ng isang uri ng kamalayan. Sa kalaunan, ang pinakabatayan ng pambansang identidad ay ang kamalayan. Alinsunod sa ganitong pag-unawa, ang pagtugon sa nasabing layunin ay mangangailangan ng paglilinaw sa kung anu-ano ang mga katangian ng kamalayang Pilipino o sa mga bagay na nagbibigay ng identidad ng pagiging Pilipino sa isang kamalayan.

Ang pangunahing layunin ng papel na ito ay mabigyang-linaw ang konsepto ng kamalayang Pilipino at ang siyasatin kung paano, hango sa nasabing konsepto, mas maitataguyod ang pambansang identidad sa harap ng mga pagbabagong dala at dulot ng *globalisasyon* sa kultura o pangkalahatang pamamaraan ng pamumuhay. Nahahati sa tatlong bahagi ang papel na ito. Sa unang bahagi, nililinaw ang kahulugan ng *globalisasyon* at sinisiyasat ang iba't ibang aspekto ng relasyon ng globalisasyon at kultura. Sa ikalawang bahagi, sinisiyasat naman ang mga pangunahing pahayag na maaaring sabihin tungkol sa kalikasan ng kamalayan sa pangkalahatan. At, sa huling bahagi ng papel na ito, ang mga pangunahing pahayag na nabanggit ay magsisilbing modelo o mga batayan sa pagsusuri ng kung kailan nagkakaroon ng pambansang identidad ang isang kamalayan.

Globalisasyon at Kultura

Iba't iba ang mga pamamaraan ng pag-unawa sa globalisasyon; at, kalimitan, ang mga depinisyong ibinibigay dito ay binibigyang diin ang isang katangian lamang o posibleng kahihinatnan nito. May mga depinisyon na tumitingin sa *globalisasyon* bilang isang proseso ng paglawak ng pagkakaugnay-ugnay ng mga bansa o unti-unting paglaho ng mga pagkakaiba ng mga kultura. May mga depinisyon ding maituturing na kagyat na kritisismo sa proseso ng *globalisasyon* o sa pamamaraan ng kaganapan nito, gaya ng mga depinisyong nagpapalagay sa salitang *globalisasyon* bilang isang pinagandang salita lamang para sa "pandaigdigang paglaganap ng di makataong sistema ng kapitalismo" o "sa di makatarungang pagpapalawak ng kapangyarihan ng Estados Unidos sa buong mundo"—wika nga ni Kissinger, "globalization *is only another word for US domination*" (sinipi ni Samir 2003, 100).

Upang ipakilala kung ano ang *globalisasyon*, ang kailangan muna natin ay isang komprehensibo at

nyutral na depenisyon, na sa aking palagay ay natutugunan ng sumusunod na depenisyon ni David Held (2004). Ayon kay Held, may dalawang bagay na kailangang isaalang-alang sa pag-unawa sa globalisasyon.

Una, ito ay isang prosesong kinapapalooban ng maraming dimensyon at kinasasangkutan ng iba't ibang aspekto ng ating mga relasyong panlipunan na mahahati sa tatlong pangkalahatang kategorya: ang *kultural*, *ekonomikal*, at *pulitikal* (Held, 15).

Ikalawa, may apat na natatanging katangian ang prosesong ito (Held 15-17). Ang una ay ang *"paglawak ng ating mga panlipunang relasyon"* (ang tinatawag niyang *stretched social relations*). Ang mga prosesong kultural, ekonomikal, at pulitikal ng isang lipunan o bayan ay lumalampas sa mga pambansang hangganan nito kaya ang mga pangyayari at desisyon na nagaganap sa isang partikular na lugar sa mundo ay may mahahalagang kahihinatnan sa iba pang mga lugar. Ang ikalawa ay ang *"pagtindi ng daloy at mga sistema ng komunikasyon at ng pagkakaugnay-ugnay*" (ang tinatawag niyang *intensification of flows and networks of interaction and interconnectedness)*. Makikita natin ito sa pagsulong ng teknolohiya ng Internet, cell phones, at cable TV.

Ang ikatlo ay ang *"paglawak ng pakikisalamuha"* (ang tinatawag niyang *"increasing interpenetration"*). Ito ay lohikal na bunga ng dalawang naunang katangian. Sa paglawak ng ating mga panlipunang relasyon, lumalawak din ang pakikisalamuha ng iba't ibang kultura sa isa't isa, at ito ay nangyayari dahil sa pagtindi ng daloy at mga sistema ng komunikasyon at ng pagkakaugnay-ugnay—ang dating magkakalayong kultura at lipunan ngayo'y malapit na sa isa't isa.

At ang ikaapat ay ang *"pag-iral ng mga pandaigdigang institusyon*," tulad ng United Nations (UN), World Bank (WB), International Monetary Fund (IMF), at World Trade Organization (WTO), na nangangasiwa sa iba't ibang sistemang pandaigdigan. Sa pangkalahatan, ang UN ang nangangasiwa sa mga pandaigdigang pangyayaring pulitikal, samantala ang WB, IMF, at WTO naman sa pandaigdigang kalakalan.

Ayon pa kay Held (22, 43-48), ang debate ukol sa globalisasyon ay pinangungunahan ng tatlong magkakatunggaling posisyon: ang tinatawag niyang *globalists, inter-nationalists o traditionalists,* at *transformationalists*. Sa kabuuan, dalawang punto ang pinagtatalunan ng mga posisyong ito: (a) ang tanong tungkol sa kaganapan ng globalisasyon at (b) ang tanong tungkol sa kung may magagawa pa tayo sa mga posibleng kahihinatnan ng globalisasyon. Ayon sa globalists, ang globalisasyon ay isang katotohanan na ang mga kahihinatnan ay sadyang di maiiwasan. Ang *globalists* ay nahahati sa dalawang grupo: ang *"positibong globalists"* (o ang optimistic globalists) at ang *"negatibong globalists"* (o ang pessimistic globalists). Para sa *positibong globalists,* sa kahulihan, mas matimbang ang mga benepisyo o mga magagandang kahihinatnan ng globalisasyon. Sa katunayan, ang ilan na sumusuporta dito ay naniniwala na ang globalisasyon ang kasagutan sa kahirapan ng mga ilang bansa. Ang ganitong paniniwala ay makikita sa sumusunod na pahayag ni De la Dehesa sa kanyang aklat na pinamagatang *Winners and Losers in Globalization* (2006, 189): *"Most poor countries are not the victims of globalization but the victims of the lack of it."* Sa kabilang banda, naniniwala ang negatibong globalists na sa kahulihan mas matimbang ang mga di magagandang kahihinatnan ng globalisasyon. Bagamat si Alex Callinicos, sa kanyang aklat na *Against the Third Way: An Anti-Capitalist Critique* (2001, 15) ay mas maituturing na isang *transformationalist* kaysa isang globalist ayon sa pag-uuri ni Held. Ang sumusunod na pahayag ni Callinicos ay nagpapakita ng negatibong pagtingin sa globalisasyon:

> "Here, then, is the central thesis of globalization succinctly outlined. Global economic integration, most evident with respect to financial markets, has radically undermined the autonomy of nation-states, producing 'a world without borders'." (2001, 15)

Ayon naman sa mga inter-nationalist, ang *globalisasyon* ay hindi isang katotohanan. Bagamat mayroon ngang nangyayaring pagtindi ng mga gawaing panlipunan sa pandaigdigan o internasyonal na antas sa kasalukuyan, wala naman talagang nagaganap na mga kakaibang pagbabago na kalimitang inuugnay sa proseso ng globalisasyon. At ito ay dahil ang mga bansa naman ay patuloy na nagtatayo ng mga institusyon o nagtataguyod ng mga pamamaraan upang kaharapin ang mga pandaidigang pangyayaring ito.

Ang ikatlo, ang mga transformationalist, ay masasabi nating pumapagitna sa *globalists* at *inter-nationalists*. Tulad ng globalists at di tulad ng inter-nationalists, ang transformationalists ay naniniwalang may nagaganap na globalisasyon. Subalit, tulad ng inter-nationalists at di tulad ng globalists, hindi sila naniniwala na sadyang hindi maiiwasan ang mga kahihinatnan ng proseso ng globalisasyon.

Nabanggit natin na ang globalisasyon, ayon kay Held, ay nangyayari sa tatlong pangkalahatang dimensyon ng ating buhay-panlipunan: sa mga dimensyon ng kultura, pulitika, at ekonomiya. Alinsunod dito, ang globalisasyon, samakatuwid, ay may tatlong uri ng proseso: ang *"globalisasyong pang-ekonomiya"* (economic globalization), ang *"globalisasyong pampulitika"* (political globalization), at ang *"globalisasyong pangkultura"* (cultural globalization). Ngayon, dahil ang kaganapan ng globalisasyon ay nagsisimula sa dimensyon ng ekonomiya, lohikal lamang na ituring ang globalisasyong pang-ekonomiya bilang pangunahin sa mga prosesong ito. Ika nga ni De la Dehesa (2006, 171): *"Globalizing forces, however, are not basically cultural but economic; the world market is not a cultural concept but an economic one."* Ang mga dahilan dito ay ang paglaganap ng *multinational companies,* na siyang mga pangunahing institusyon sa kaganapan ng globalisasyon sa pangkalahatan (De la Dehesa 72); ang paglago ng mga makabagong teknolohiya; at, ang liberalisasyon sa kalakalan (2-3). Hango sa ganitong obserbasyon, ang mga globalisasyong pampulitka at pangkultura ay sumusunod lamang sa globalisasyong pang-ekonomiya. Sa katunayan, ang debate sa globalisasyon, kung susuriin nang maigi ay nagsisimula sa pagkilala sa kaganapan ng globalisasyong pang-ekonomiya at pagkatapos ay tumutuloy sa tanong na kung makabubuti o hindi na humantong ang globalisasyong ito sa mga globalisasyong pampulitika at pangkultura. Samakatuwid, ang tanong na kung may kaganapan na ang globalisasyon ay kailangan ng kwalipikasyon. Kung ang pinag-uusapan ay ang globalisasyong pang-ekonomiya, ito ay walang dudang nagaganap na. Kung ang pinag-uusapan naman ay ang mga globalisasyong pampulitika at pangkultura, ito ang maaari pang pagtalunan. Sa ganitong pag-unawa at kwalipikasyon, ang posisyon ng transformationalists ang mas matimbang kaysa sa iba pang posisyon. Sa partikular, nagaganap na ang globalisasyon sa larangan ng ekonomiya, subalit mayroon pa tayong magagawa sa larangan ng pulitika at kultura.

May mga pagsusuri na ang pinagtutuunan ng pansin ay ang mga posibleng kahihinatnan ng globalisasyong pang-ekonomiya sa dimensyon ng pulitika, samantala ang ibang pagsusuri naman ay nakatuon sa mga posibleng kahihinatnan nito sa dimensyon ng kultura. Para sa unang uri ng pagsusuri, tingnan, halimbawa, ang mga pagsusuring ginawa nina Alex Callinicos (2001) at Amin Samir (2003). Ang kanilang pagsusuri sa globalisasyon ay nakatuon sa mga posibleng kahihinatnan ng globalisasyong pang-ekonomiya sa dimensyon ng pulitika. Sa kanyang aklat na pimagatang *Against the Third Way: An Anti-Capitalist Critique* (2001, 20-23), ito ang sinabi ni Callinicos tungkol sa debate sa globalisasyon:

> For the point of view of left strategy, the debate on globalization focuses on two key questions: 1. Has there been a qualitative increase in global economic integration over the past century? 2. If the answer is 'Yes', does this mean that political action is capable of controlling, let alone transforming global capitalism?...So the answer to Question 1 is a qualified 'Yes'. There has been a qualitative increase in global economic integration. What about Question 2:…(2001, 20-23)

Ang pananaw ni Callinicos—na laban sa sistemang kapitalismo—sa kabuuan ay hindi naiiba kay Samir. Ayon kay Samir sa kanyang aklat na *Obsolescent Capitalism* (2003):

> Globalizaton, so often presented as an imperative of 'economic progress' and positive social change, is actually a strategy to secure US control: (a) over 'world economic government', through institutions such as the WTO which, though nominally international, are in fact run by mainly American transnationals and the US government; and (b) over global political and military government, by means of NATO. Kissinger admitted as much when he cooly said that 'globalization is only another word for US domination'. (99-100)
>
> The offensive of the dominant collective imperialism has called into question the principle of national sovereignty, using NATO as its military instrument in place of the UN, the only institution representing the nations of the world. (115)

Para kina Callinicos at Samir, ang globalisayon sa larangan ng ekonomiya, na pareho nilang inuunawa bilang paglaganap ng sistemang kapitalismo sa pangunguna ng bansang Estados Unidos, ay magbubunga ng pagdodomina ng mga bansang nagsusulong ng sistemang kapitalismo, lalo na ng bansang Estados Unidos, sa larangan ng pulitikang pandaigdigan. Kung ganito, ang tanong ngayon para kina Callinicos at Samir ay "Ano ang magagawa upang maiwasan ito?" Sa hulihan ng kanilang mga pagsusuri, hindi rin nagkakaiba ang kanilang mga kasagutan. Ayon pa kay Samir:

> "It is high time that these destructive dimensions of obsolescent capitalism were properly assessed. The time has come to say loud and clear that a different system must be invented, one in which human beings individually (their health, education and inventiveness), peoples collectively, and nature and its resources are not treated as commodities." (2003, 158)

Wika naman ni Callinicos:

> "What is needed is a break with the very logic of capital, and its replacement by a different one—one that, at the minimum, gives priority to human needs and subjects the allocation of resources to democratic control. Traditionally, a society meeting these conditions has been called 'socialism'. Whatever may be required to gain admittance to the White House, I see nothing wrong in continuing to use this word and seeking to achieve the society it names." (2001, 120)

Sa madaling salita, para kina Callinicos at Samir, ang kailangan ay isang alternatibong sistema na papalit sa sistemang kapitalismo, kung saan makatotohanang isusulong ang demokratikong proseso at igagalang ang mga karapatan ng tao.

Tumungo naman tayo sa mga pagsusuri na ang pinagtutuunan ng pansin ay ang epekto ng globalisasyon (na sa mga sumusunod na diskusyon ay uunawain natin bilang globalisasyong nagaganap na sa larangan ng ekonomiya) sa aspekto ng kultura. Bago ang lahat, may mga naniniwala na ang problema tungkol sa nasabing epekto ay ang pangunahing suliranin sa diskurso ng globalisasyon. Tingnan, halimbawa, ang mga sumusunod na pahayag:

> This is a question posed by Samuel Huntington (1993), who strongly argues that the main source of conflict in the new globalizing world is neither ideological nor economic but, in fact, cultural… Benjamin Barber (1995) agrees with Huntington that future sources of conflict will lie in the friction between local or tribal cultural values (which he calls jihad) and a new democratic technological world based on Western values (which he calls McWorld)… Others, such as Fukuyama (1992), disagree and hold that globalization and technology will tend to homogenize, not antagonize, cultures on a world scale. (sinipi ni De la Dehesa 2006, 170)

Gayunpaman, nais linawin na sa mga sumusunod na diskusyon, sa ganitong uri rin ng pagsusuri nakatuon ang gagawing pagsisiyasat tungkol sa globalisasyon sa papel na ito. Ibig sabihin, hindi ang suliranin ng globalisasyon sa larangan ng pulitika ang susuriin at pagkatapos ay hahanapan ng lunas, kundi ang suliranin ng globalisasyon sa larangan ng kultura. Ngayon, tingnan natin ang dalawang sumusunod na pagsusuri tungkol sa temang ito: ang mga pagsusuri nina Jeremy Seabrock (2004) at Mahmood Monshipouri (2005).

Ayon sa pagsusuri ni Seabrook sa kanyang sanaysay na "Localizing Culture" (2004, 1-3), mayroong dalawang pangunahing reaksyon ang isang kultura sa globalisasyon: Ang una ay tinatawag niyang *"fatalistic"* at ang ikalawa naman ay *"resistant."* Sa *"reaksyong fatalistic,"* ang *globalisyon* ay inuunawa bilang isang proseso na hindi natin mapipigilan o kaya naman ay mababaligtad. Ito ay hindi bunga ng isang desisyon o patakarang pulitikal, sa halip ito ay isang kritikal na batayan ng mga desisyon o patakarang pulitikal. Dahil dito, ang nararapat na reaksyon ng isang kultura sa globalisasyon ay sumabay o makibagay na lamang sa agos nito. Ayon pa kay Seabrook, ang mga dominanteng bansa na siyang mga nangunguna sa proseso ng globalisasyon, tulad ng Estados Unidos at Inglatera, ang nagsusulong para sa ganitong reaksyon.

Ang *"reaksyong resistant"* ay may dalawang pamamaraan. Ang una ay ang *pamamaraang di gaanong marahas* at ang ikalawa ay ang *pamamaraang marahas.* Sa unang pamamaraan, ang paniwala ay posibleng paghiwalayin ang mababuti sa masasamang epekto ng globalisasyon, kung kaya ang tinututulan lamang ng pamamaraang ito ay ang masasamang epekto ng globalisasyon. Sa partikular, nais panatilihin ng pamamaraang ito ang identidad ng isang kultura sa mga aspekto, halimbawa, ng sining, kaugalian, pagpapahalaga, at wika; samantala, nais din namang tanggapin nito ang mga benepisyong pang-ekonomiya ng *globalisasyon.* Sa ikalawang pamamaraan naman, ang paniwala ay ang *globalisasyon* ay isang prosesong sadyang di mabuti dahil sa hindi maiiwasang epekto nito na labagin o di igalang ang identidad ng isang kultura. Ang isang halimbawang binanggit ni Seabrook bilang manipestasyon ng ganitong pamamaraan ng pagtutol sa globalisasyon ay ang galit ng mga Muslim sa mga bansang Estados Unidos at Israel.

Sa pagsusuring ginawa naman ni Monshipouri sa kanyang sanaysay na "Identity and Human Rights in the Age of Globalization: Emerging Challenges in the Muslim World" (2005, 1-3), tinalakay niya kung paano kinakaharap ng mga Muslim ang globalisasyon, na ayon sa kanya ay mayroong tatlong pangkalahatang uri ng reaksyon na makikita. Sa una, may mga Muslim na tinitingnan ang *globalisasyon* bilang isang kompetisyon sa kapangyarihan na lubhang nakikinabang ang mga makapangyarihang bansa sa kanilang paggamit at pagsasamantala sa mga ibang bansa. Para sa mga Muslim na may ganitong pananaw, dalawa lamang ang alternatibo: (1) tutulan ang globalisasyon, o (2) magpagamit o magpasamantala na lamang sa mga makapangyarihang bansa at sa huli ay ipasakop ang kanilang kultura sa kultura ng mga bansang ito. Sa ikalawa, tinitingnan ng ilang mga Muslim ang *globalisasyon* bilang isang ebolusyonaryo at di-maiiwasang prosesong walang magagawa ang lahat kundi sumabay at makibagay na lamang. Sa pananaw na ito, ang susi para mapanatili ang seguridad at estabilidad ng isang bansa sa harap ng mga pagbabagong dala at dulot ng globalisasyon ay akomodasyon, hindi pagtutol. At sa ikatlo, may ilang mga Muslim na tinitingnan ang *globalisasyon* bilang isang pagbabago ng pananaw (*paradigm shift*) na hindi maiiwasan. Ang pagbabagong ito ay kinabibilangan ng mga pagbabago sa pamamaraan ng pamumuhay, sistema ng mga pagpapahalaga, at pakikitungo sa kulturang lokal, pambansa, at pandaigdigan.

Ngayon, mapapansin na halos pareho lamang ang sinasabi ng dalawang pagsusuring ito tungkol sa mga posibleng reaksyon ng isang kultura sa globalisasyon. Sa pangkalahatan, ayon sa mga pagsusuring ito, may tatlong posibleng reaksyon. Ang dalawa rito ay maituturing na *extreme* o sukdulan; samantala, ang isa naman ay *moderate,*

dahil pumapagitna sa dalawang sukdulang reaksyon. Ang unang sukdulang reaksyon ay ang *tuluyang pagtanggap* sa globalisasyon dahil ang prosesong ito ay pinaniniwalaang di-maiiwasan. Ang pangalawang sukdulang reaksyon naman ay ang *tuluyang pagtutol* sa globalisasyon dahil ito ay pinaniniwalaang may di-maiiwasang negatibong kahihinatnan: ang di-paggalang o pagsira nito sa integridad ng isang kultura o identidad ng isang bansa. Sa kabilang banda, ang *moderate reaction* ay bukas sa mga pagbabagong dala at dulot ng globalisasyon lalo na sa mga larangan ng ekonomiya at teknolohiya; subalit ang pagtanggap nito sa mga nasabing pagbabago ay may mga hangganan, dahil nais din ng reaksyong ito na pangalagaan ang integridad at identidad ng isang kultura o bansa.

Sa mga halimbawang ibinigay sa mga pagsusuring ito, lumalabas na ang mga dominante o makapangyarihang bansa, tulad ng Estados Unidos at Inglatera, ang nagsusulong para sa unang sukdulang reaksyon—ang tuluyang pagtanggap sa globalisasyon. Hindi mahirap isipin kung bakit ganito. Kung ang mga dominanteng bansang ito ang namumuno o nagdidikta sa takbo ng globalisasyon, ang kulturang dala ng globalisasyon, samakatuwid, ay mga kultura nila. Dahil dito, hindi isang problema para sa kanila ang pagpapanatili ng integridad at identidad ng kanilang kultura. Sa katunayan, nais nilang isulong ang ganitong reaksyon para sa iba pang mga bansa dahil ang kahihinatnan ay ang kultura nila ang dodomina sa mga kultura ng mga iba pang bansang ito. Kaya nga nasabi ni Seabrook (2004) na ang salitang *globalisasyon* ay, sa katunayan, isa lamang pinagandang salita na ang ibig sabihin ay ang "pagdomina ng kultura ng mga makapangyarihang bansa upang maitaas ang kulturang ito bilang isang pandaigdigang kultura." Pagmasdan ang mga sumusunod na pahayag ni David Rothkop tungkol sa papel ng Estados Unidos sa proseso ng globalisasyon:

> It is in the general interest of the United States to encourage the development of a world in which the fault lines separating nations are bridged by shared interests. And it is in the economic and political interests of the United States to ensure that if the world is moving toward a common language, it be English; that if the world is moving toward common telecommunications, safety, and quality standards, they be American; that if the world is becoming linked by television, radio, and music, the programming be American; and that if common values are being developed, they be values with which Americans are comfortable. These are not simply idle aspirations. English is linking the world. American information technologies and services are at the cutting edge of those that are enabling globalization. Access to the largest economy in the world—America's—is the primary carrot leading other nations to open their markets. Indeed, just as the United States is the world's sole remaining military superpower, so is it the world's only information superpower. (1997, 6)

Samantala, ang mga kalimitang sumasang-ayon at nagsusulong para sa ikalawang sukdulang reaksyon—ang tuluyang pagtutol sa globalisasyon—ay ang mga grupo at bansa na galit sa Estados Unidos. Hindi rin mahirap isipin kung bakit ganito: Ito ay dahil ang kulturang dala ng globalisasyon, sa pangkalahatan, ay ang kultura ng Estados Unidos, kaya para sa mga grupo at bansang ito ang galit sa Estados Unidos ay nangangahulugan din ng pagtutol sa globalisasyon.

Parehong nabanggit nina Seabrook (2004) at Monshipouri (2004) sa kanilang mga artikulo na isang malaking hamon para sa isang bayan ang panatilihin ang integridad ng kanilang kultura at ng kanilang pambansang identidad sa harap ng mga pagbabagong dala at dulot ng globalisasyon. Sinabi halimbawa, ni Monshipouri na:

> "At the dawn of the twenty-first century, the Muslim world faces many challenges, but none more formidable than the issue of how to strike a balance between maintaining cultural integrity and religious identity on the one hand, and absorbing changes associated with a globalizing world on the other." (2004, 1)

Subalit hindi naman nila tinalakay kung paano maaaring sagutin ang hamon na ito. Bukod dito, sa mga pagsusuri muli nina Seabrook (2004), Monshipouri (2004), at pati na rin ni Rothkop (1997), ang tensyong binibigyang-diin ay ang sa pagitan ng integridad ng isang kulturang lokal at ng dominanteng kulturang dala ng globalisasyon, subalit binabanggit din na ang pangunahing pangamba ay ang posibleng paglalaho ng pambansang identidad ng isang bayan. Mahihinuha natin dito na ipinapalagay nila ang mahigpit na ugnayan ng integridad ng kultura at ng pambansang identidad ng isang bayan, na kung maglalaho ang integridad ng kultura ng isang bayan ay maglalaho na rin ang pambansang identidad nito. Ang ganitong ugnayan, sa partikular, ay nagsasaad na ang kultura ang siyang batayan ng pambansang identidad. Subalit kung ganito, sadyang magiging napakahirap, kung hindi man imposible, na mapanatili ang pambansang identidad ng isang bayan samantalang nakikibagay ito sa mga pagbabagong dala at dulot ng globalisasyon, at ito ay dahil na nga sa ang makibagay o makiangkop sa mga pagbabagong dala at dulot ng globalisasyon ay nangangahulugan ng mga pagbabago sa kultura o pangkalahatang pamamaraan ng pamumuhay ng nasabing bayan.

Kaugnay ng usaping ito, balikan natin ang pagsusuri ni Held. Ayon kay Held (2004, 74-75), inuunawa ng tranformationalists ang isyu ng pagpapanatili ng pambansang identidad ng isang kultura sa harap ng mga pagbabagong dulot at dala ng globalisasyon sa sumusunod na pamamamaraan:

> Implicit in the arguments of the cultural imperialism thesis is the assumption that the authentic culture of recipient nations—many of them in the developing world—is being eroded by inauthentic, ersatz, imposed culture. It is at least implicit that culture is defined in national terms, within which it is reasonably integrated and homogenous. This raises the interesting and difficult question of who defines and represents a nation's culture. Defending cultural identity against the supposed threat of cultural imperialism necessarily involves partial notions of national identity. Defending 'Englishness,' 'Frenchness,' or 'Welshness,' for example, has the effect of regulating internally cultural identity by relegating the nation's ethnic and cultural diversity (Tomlinson, 1997). At least implicitly, it assumes an outdated homogeneity of national culture, in an era in which nations are characterized, instead, by cultural hybridity and creolism—by which is meant that, as a result of the interaction of two cultures, often on unequal terms, over an extended period of time, new cultural forms emerge which aren't simply derived from one or other culture (Hannerz, 1990).

Sinasabi dito na hindi na makabuluhan ang paniniwala na kailangang panatilihin ang integridad ng isang kultura, na tumutukoy sa mga magkakatulad na aspekto ng isang kultura na nagiiba dito sa iba pang mga kultura (ang tinatawag na *homogeneity of national culture*), upang kalabanin ang proseso ng globalisasyon na pinangangambahang hahantong sa pagkakatulad ng iba't ibang kultura o sa paglalaho ng mga pagkakaiba ng mga ito (ang tinatawag naman na *homogenization of culture*). Sa madaling salita, ayon kay Held, hindi na makabuluhan na maging sarado ang isang kultura sa mga pagbabago bilang isang pamamaraan upang protektahan ang pambansang identidad nito sa harap ng globalisasyon. Ngayon, totoo ngang hindi na makabuluhan ito, subalit hindi naman tinalakay ni Held kung paano, para sa transformationalists, mapapanatili ng isang kultura ang pambansang identidad nito kung ito naman ay magiging bukas sa mga pagbabagong dala at dulot ng globalisasyon. Mapapansin natin na ito rin ang nabanggit na hamon nina Seabrook at Monshipouri na hindi rin nila sinagot. Sa mga sumusunod na diskusyon, sasagutin ang hamon na ito.

Una sa lahat, kung ang ating ipinapalagay ay posible ngang panatilihin ang ating pambansang identidad sa harap ng globalisasyon, hindi samakatuwid ang ating kultura ang siyang batayan ng ating pambansang identidad. O kaya, kung ang

ating ipinalapalagay ay posibleng ngang panatilihin ang pambansang identidad ng ating kultura sa kabila ng mga pagbabagong mangyayari dito bilang kahihinatnan ng globalisasyon, samakatuwid, hindi ang integridad ng ating kultura ang batayan ng pambansang identidad nito. Ang ating kultura, sa ganitong pag-unawa, ay isa lamang kongkretong manipestasyon ng totoong batayan ng ating pambansang identidad. Sa papel na ito, isinusulong ang kaisipan na ang totoong batayan ng ating pambansang identidad ay may kinalaman sa ating *kamalayan.* Alinsunod dito, magbago man ang ating kultura dahil sa globalisasyon, hindi ito kaagad nangangahulugan ng paglaho ng ating pambansang identidad. Ang kailangan nating panatilihin, samakatuwid, sa harap ng mga pagbabagong dala at dulot ng globalisasyon, ay ang ating pambansang kamalayan o ang pambansang identidad ng ating kamalayan. Subalit bago natin siyasatin kung paano ito maisasakatuparan, kailangan muna nating unawain kung paano nagkakaroon ng pambansang identidad ang isang kamalayan. Sa mga sumusunod na bahagi ng papel na ito, tatalakayin ko ang mga puntong ito sa sarili nating konteksto—sa konteksto ng pambansang identidad ng ating kamalayan bilang mga Pilipino.

Ang Kalikasan ng Kamalayan

Bago natin simulan ang pagsusuri sa konsepto ng kamalayang Pilipino, kailangan muna natin ng isang modelo na siyang magbibigay-gabay sa ating landas. Ang modelong naiisip na maaari ay binubuo ng mga pangunahing pahayag tungkol sa kalikasan ng kamalayan sa pangkalahatan. Ang mga pangunahing pahayag na ito ay yaong mga pahayag na ang katotohanan ay kaagad-agad nang malinaw o kaya naman ay hindi na pinagduduhan dahil may panlahatang pagtanggap. Ang rasyonal ng ganitong pamamaraan ng pagsusuri ay kung mayroong mga pahayag na gustong patunayan, dapat maipakita na ang mga pahayag na ito ay lohikal o mahigpit na nakaugnay sa mga pahayag na ang katotohanan ay may panlahatang pagtanggap o di pinagdududahan. Ang punto ay, kung tatanggapin ang katotohanan ng ilang pahayag, ay kailangan mo ring tanggapin ang katotohanan ng mga pahayag na lohikal o mahigpit na nakaugnay dito. Mapapansin na ang ganitong uri ng pagsusuri ay hango sa modelo ng Matematika—sa partikular sa disiplina ng *Geometry*—na siya ring modelong ginamit ng mga pilosopong tulad nina Rene Descartes (1990), Benedicto de Spinoza (2000), at Bertrand Russell (1970) sa kanilang mga pagsusuri sa pilosopiya.

Ngayon, sa konteksto ng ating usapin, ipapakita na ang mga bagay na sasabihin tungkol sa pagka-Pilipino ng isang kamalayan ay mahigpit na nakaugnay sa mga pahayag tungkol sa kalikasan ng kamalayan na ang katotohanan ay may panlahatang pagtanggap. Ang ganitong palagay ay may apat na pangunahing pahayag tungkol sa kalikasan ng kamalayan. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Ang kamalayan ay kalimitang nakaugnay sa isang bagay o pangyayari sa mundo.
2. Ang pagkakaugnay ng kamalayan sa isang bagay o pangyayari sa mundo ay bunga ng isang pangangailangan o kakulangan ng kamalayan na nais nitong matugunan o punan.
3. Ang pagkakaugnay ng kamalayan sa isang bagay o pangyayari sa mundo ay palaging nasa isang pananaw.
4. Ang pagkakaugnay ng kamalayan sa isang bagay o pangyayari sa mundo ay palaging nasa konteksto ng isang partikular na lugar at panahon.

Bago mabigyan ng paliwanag ang mga pahayag na ito, lilinawin muna ang paggamit ng salitang *kamalayan* bilang isang panlahatang salita (*general term*) na tumutukoy sa iba't ibang prosesong mental, tulad ng pagdududa, pagkamangha, pagtatanong, at pamimilosopiya. Ngayon tungkol sa unang pahayag, ang ibig lamang sabihin nito ay kalimitan, o sa mas maraming uri ng mga prosesong mental, ang ating kamalayan ay kamalayan ng, o kaya naman ay tungkol sa, isang bagay o pangyayari. Halimbawa, kung tayo ay nagdududa, mayroon tayong pinagdududahan. Ganoon din sa iba pang mga prosesong mental tulad ng kapag tayo

ay nahihiya, nangangarap, o nagmamahal. Tinatawag ng mga pilosopo ang katangiang ito ng kamalayan na umugnay sa mga bagay o pangyayari sa mundo na intentionality at ang mga prosesong mental na taglay ang ganitong katangian intentional states. May mga prosesong mental na *sadyang intensyonal* tulad ng paniniwala at kagustuhan—imposible na mayroon tayong paniniwala at kagustuhan na wala tayong pinaniniwalaan at ginugusto. Mayroon namang mga prosesong mental na *di-sadyang intensyonal* tulad ng pagkatakot at kalungkutan—may ilang pagkakataon na tayo ay natatakot at nalulungkot bagamat wala o di-malinaw ang ating kinatatakutan o ikinalulungkot. At mayroon ding mga prosesong mental na *sadyang di-intensyonal* tulad ng mga kasakitan ng ating katawan—sadyang hindi sila nakatuon sa isang bagay o pangyayari (Searle 1983, 1-3). Kalimitan, ang ating kamalayan ay nakatuon sa isang bagay o pangyayari sa mundo, at isa itong katotohanan tungkol sa ating kamalayan na hindi pinagdududahan.

Tungkol naman sa ikalawang pahayag, ang ibig lamang sabihin nito ay, halimbawa, kapag tayo ay nag-aaral, ang mga bagay o pangyayari na ating pinag-aaralan ay yaong pinaniniwalaan nating makatutugon sa ating pangangailangan o kakulangan, sa direkta o di-direktang pamamaraan. Halimbawa, maaaring ang pinag-aaralan natin ay makatutugon sa ating pangangailangan sa kaalaman na maaaring interesado tayo. Ngayon, kung hindi naman tayo interesado sa ating pinag-aaralan, inaaral pa rin ntin ito dahil malamang makatutugon ito sa iba pang uri ng pangangailangan natin, halimbawa, sa pinansyal na pangangailangan natin. Ngunit paano, halimbawa, ang ating takot sa isang bagay, matutugunan ba nito ang isang pangangailangan? Kung pagmamasdan nang mabuti, ang ating kinatatakutan ay yaong mga bagay na humahadlang sa mga bagay na makatutugon sa ating mga pangangailangan. Ang ating takot, samakatuwid, ay bunga pa rin ng ating mga pangangailangang nais nating tugunan.

Tingnan naman natin ngayon ang ikatlong pahayag na nagsasaad na ang pagkakaugnay ng kamalayan sa isang bagay o pangyayari sa mundo ay palaging nasa isang pananaw. Bago ang lahat, nais ding linawin na ang nasabing pananaw ay tumutukoy sa isang sistema ng mga konsepto o kategorya na sa pamamagitan ng mga ito ang ating isip ay nagkakamalay sa isang bagay. Ang ibig sabihin, halimbawa, kapag iniisip natin ang isang tao, iniisip natin siya bilang kaaway o kaibigan, bilang lalaki o babae, bilang mabait o masama, bilang Pilipino o banyaga, at iba pa. Ang pagiging kaaway, kaibigan, lalaki, babae, mabait, masama, at iba pang mga katulad nito ay mga konsepto o kategorya na sa pamamagitan ng mga ito ang ating isip ay nagkakamalay sa isang tao. Ang mga konsepto o kategorya ay maihahalintulad sa mga kahon kung saan inuuri natin ang mga bagay kung saan nakatuon ang ating kamalayan. Maraming pilosopo ang naniniwala na sadyang hindi natin maiiwasan na gumamit ng mga konsepto o kategorya sa ating pagkamalay sa mundo, dahil ang mga ito ang pinaka-instrumento ng ating pag-unawa. Bukod dito, may mga pilosopo ring naniniwala na ang ating mga konsepto o kategorya ay makikita o nakapaloob sa ating wikang ginagamit. Ito ang dahilan kung kaya sa isa sa mga sanaysay ng pilosopong si Rudolf Carnap (1967), tinawag niya ang mga pananaw na *linguistic frameworks*. Si Immanuel Kant (1968), bagamat naniniwala siya na nasa isip lamang ng tao ang mga konsepto o kategorya sa pag-unawa (ang tinatawag niyang *Pure Concepts of the Understanding*), ang kanyang pinagbatayan naman upang ilantad ang mga konsepto o kategoryang ito ay ang iba't ibang uri ng mga pahayag sa Lohika (ang tinatawag niyang *Table of Logical Judgments*). Sa ordinaryong diskurso naman, mapapansin na may mga konteksto kung saan ang gamit ng mga salitang *pananaw* at *wika* ay pareho. Halimbawa, kung sinasabi natin: "ayon sa pananaw ng Marksismo," "ayon sa pananaw ng Eksistensyalismo," o "ayon sa pananaw ng Liberalismo," ay sinasabi rin natin : "ayon sa wika ng Marksismo," "ayon sa wika ng Eksistensyalismo," o "ayon sa wika ng Liberalismo." At sa larangan naman ng Sikolohiya, ipinapalagay ng *behaviorists* na kapag tayo raw ay nag-iisip, tayo raw, sa katunayan, ay nagsasalita lamang sa pamamaraang tayo lamang ang nakakarinig. Ang

mga obserbasyong ito ay nagpapahiwatig ng mahigpit na ugnayan ng wika at kamalayan.

Ating ipaliwanag naman ngayon ang ikaapat na pahayag na nagsasaad na ang pagkakaugnay ng kamalayan sa isang bagay o pangyayari sa mundo ay palaging nasa konteksto ng isang partikular na lugar at panahon. Gusto kong linawin dito na hindi ibig sabihin na ang kamalayan mismo ay nasa lugar at panahon, bagkus ay yaon lamang pagkakaugnay nito sa isang bagay o pangyayari sa mundo. At simple lang ang ibig sabihin nito. Halimbawa, kung ang kamalayan ay naging abala sa pagbabasa ng isang aklat, ang pagbabasang ito ay nangyari sa isang panahon, na maaaring kanina, kahapon o noong isang Linggo, at sa isang lugar, na maaaring sa isang bahay, *library*, o *coffee shop*.

Ang Pagiging Pilipino ng Kamalayan

Dumako tayo ngayon sa tanong na: *Kailan masasabi na ang isang kamalayan ay Filipino hango sa mga pangunahing pahayag na inihain natin tungkol sa kalikasan ng kamalayan?* Ngunit bago ang lahat, linawin muna natin na ang ating pagka-Pilipino o ang ating pambansang identidad ay isa lamang sa maraming antas ng identidad ng ating kamalayan. Ang ilan sa mga iba pang mga antas na ito ay ang ating pagkatao, pagiging guro, pagiging ama, pagiging kaibigan, pagkalalake o pagkababae, pagka-Katoliko o pagka-Protestante, o kaya naman ay ang ating pagka-Cebuano o pagka-Manileño. Hindi maipagkakaila na nagsasanib-sanib ang iba't ibang antas ng identidad na ito, at ito ay dahil sa iba-iba ang pangunahing nagtatakda sa mga ito. Halimbawa, pananampalataya ang pangunahing nagtatakda ng ating pagiging miyembro ng isang relihiyon. Subalit lugar naman ang pangunahing nagtatakda ng ating pagka-Manileño o pagka-Cebuano. Sa mga pag-aaral naman ng mga antropolohista, wika ang isang pangunahing nagtatakda sa ating pagiging miyembro sa isang grupong etniko. Panahon naman ang nagtatakda sa mga tinatawag na *martial law babies*. Ngayon naman, para sa ating pagka-Pilipino, ano ba ang pangunahing nagtatakda dito? Ang pinakanatural na sagot ay ang ating pagiging mamamayang Pilipino. Subalit hindi ganito kasimple ito dahil sa makabuluhang sabihin rin na ang isang mamamayang Pilipino ay hindi naman talaga Pilipino—na ang maaaring sabihin ay ang Pilipinong ito ay hindi naman interesado sa kapakanan ng bansang Pilipinas o ng mga mamamayang Pilipino; siya, halimbawa, ay interesado lamang sa sarili niyang kapakanan. Ito ay nagpapahiwatig na hindi iisa lamang ang nagtatakda sa ating pagiging Pilipino; at kung ganito, ang ating pagiging Pilipino, samakatuwid, ay may mga antas din.

Dito mahalaga ang mga pangunahing pahayag na ating inilahad tungkol sa kalikasan ng kamalayan. Kung ang mga pahayag na ito ay tumutukoy sa mga pangunahing katangian ng ating kamalayan, lohikal lamang na isipin na ang identidad ng ating kamalayan ay hango at umaayon sa mga katangiang ito. At, alinsunod sa apat na pangunahing katangiang ito, may apat na pangunahing pahayag din tungkol sa kung kailan masasabi na ang isang kamalayan ay *Pilipino*. Ang mga pahayag na ito ay tumutukoy, samakatuwid, sa mga pangunahing katangian ng kamalayang Pilipino. At ito ay ang mga sumusunod:

1. Ang isang kamalayan ay Pilipino kung ang mga bagay o pangyayari na kung saan ito nakaugnay ay may kinalaman sa bansang Pilipinas o sa mga mamamayang Pilipino.
2. Ang isang kamalayan ay Pilipino kung ito ay nakaugnay sa mga bagay na makatutugon sa mga pangangailangan ng bansang Pilipinas o ng mga mamamayang Pilipino.
3. Ang isang kamalayan ay Pilipino kung ang pagkakaugnay nito sa isang bagay o pangyayari ay nasa isang pananaw na Pilipino.
4. Ang isang kamalayan ay Pilipino kung ang pagkakaugnay nito sa isang bagay o pangyayari ay nagaganap sa konteksto ng isang lugar at panahon sa bansang Pilipinas.

Ang una at ikalawang pahayag ay, sa tingin ko, malinaw na. Ang halimbawa para sa unang pahayag ay kung inaaral natin ang ating kultura, kasaysayan, mga bayani, mga pagpapahalaga at kaugalian, at

mga problemang pampulitika at pang-ekonomiya. Para naman sa ikalawang pahayag, kung ginagawa natin ang nasabing pag-aaral para sa ikauunlad ng bansang Pilipinas o kung saan ang mga Pilipino ang makikinabang. Subalit dapat linawin na hindi kailangang magkaugnay ang dalawang pahayag na ito. Ang ibig sabihin, posibleng ang isang kamalayan ay abala sa mga bagay na may kinalaman sa bansang Pilipinas o sa mga mamamayang Pilipino subalit ito naman ay hindi para sa kapakanan ng nasabing bansa o ng mga mamamayan nito. Halimbawa, maaaring sinusuri natin ang mga problemang pampulitika o pang-ekonomiya ng bansang Pilipinas, ngunit ito ay ginagawa natin upang matugunan ang pangangailangan ng ibang bansa o ng mga banyagang iskolar na nais makalikom ng mga impormasyon tungkol sa kalagayan ng pulitika at ekonomiya sa bansang Pilipinas.

Tungkol naman sa ikatlong pahayag, ito ay may kaunting kontrobersya, kung kaya nangangailangan ng mas mahabang paglilinaw. May mga naniniwala na ang isang pananaw ay matatawag lamang na *Pilipino* kung ang mga kategorya o konsepto nito ay pinaniniwalaang katutubo o likas sa kulturang Pilipino. At kapag sinasabing *katutubo* o *likas*, ang ibig sabihin kalimitan ay ang mga konsepto o kategoryang ito ay walang bahid ng banyaga o kaya naman ay hindi hiram. Ito ay isang kontrobersya dahil, bagamat masarap itong pakinggan, ito ay nababalutan ng mga problema tulad ng kahirapang gumawa ng malinaw na guhit sa pagitan ng katutubo at ng banyaga o hiram. Una, sa anong takda ng ating kasaysayan at grupong etniko sa Pilipinas dapat hugutin o hukayin ang mga katutubong konsepto o kategoryang ito? At ikalawa, atin mang ipagpalagay na mayroon ngang ganitong mga konsepto o kategorya, ang ating pag-unawa naman sa mga ito ay mababahiran na rin ng mga konsepto o kategoryang taglay ng ating kamalayan sa kasalukuyan. Bukod sa problemang ito, ipagpalagay pa man natin na posible ngang mahukay ang mga konsepto o kategoryang ito sa kanilang kapurihan, ang tanong naman ngayon ay ang mga kategorya bang ito ay akma sa pagsusuri ng mga problemang kumakaharap sa bansang Pilipinas sa kasalukuyan? Dagdag pa dito, kailangan din nating pag-ibahin ang mga konsepto o kategoryang nasa antas ng kalikasan ng ating pagkatao at ang mga konsepto o kategoryang nasa antas ng kalikasan ng ating pagka-Pilipino. Ang mga konsepto o kategoryang nasa antas ng kalikasan ng ating pagkatao ay walang pinipiling pambansang identidad, dahil sa antas na ito, tayo ay pantay-pantay, ano pa man ang ating pagkamamamayan. Ang mga kongkretong halimbawa ng mga konseptong ito ay ang tinatawag na *mga karapatang-pantao*. Kaya, kung gagamitin natin ang mga konseptong ito, hindi akmang sabihin na gumagamit tayo ng mga konseptong banyaga, dahil ang mga konseptong ito ay labas sa antas ng kalikasan ng isang pambansang identidad. Ang mga konseptong ito ay nasa antas ng kalikasan ng ating pagkatao, ano pa man ang ating pambansang identidad.

Hango sa mga konsiderasyong ito, hindi na mahalaga kung ang pananaw ay katutubo o hiram para masabing Pilipino, ang mahalaga ay kung ito ay akma sa pagsusuri o paglutas sa mga problema ng bansang Pilipinas o ng mga mamamayang Pilipino. Subalit, kung gusto nating maghanap ng isang malinaw na batayan ng pagka-Pilipino ng isang pananaw, ito marahil ay ang ipahayag sa ating sariling wika ang mga konsepto o kategoryang ating gagamitin, dahil ang ipahayag sa sariling wika ang mga posibleng hiniram na banyagang konsepto ay nangangahulugan na rin ng pag-angkin nito. At ang pag-angkin ng mga konsepto o kategorya ay hindi dapat tingnan na nagpapalabo sa mga pinaniniwalaang katutubo, bagkus ay nagpapalawak at nagpapalakas dito. Ito ang dahilan kung bakit ako ay malakas na sumasang-ayon sa paniniwala na malaki ang magagawa ng paggamit ng sariling wika sa paghubog ng pambansang identidad ng kamalayan.

Pumunta tayo ngayon sa ikaapat na pahayag na nagsasaad na ang isang kamalayan ay Pilipino kung ang pagkakaugnay nito sa isang bagay o pangyayari ay nagaganap sa konteksto ng isang partikular na lugar at panahon sa bansang Pilipinas. Ang partikular na lugar at panahon na tinutukoy dito ay tumutukoy sa kahit anong

partikular na lugar at panahon na bahagi ng kasaysayan ng bansang Pilipinas, na sa pangkalahatan ay binubuo ng mga mahahalagang pangyayaring pulitikal, sosyal, kultural, at iba pang mga katulad nito na naganap sa bansang Pilipinas sa pagtakbo ng panahon. Halimbawa, kung si Pedro ay nag-aral sa kolehiyo, ito ay nangyari sa isang pamantasan sa bansang Pilipinas, halimbawa, sa Pamantasang De La Salle, at sa isang panahon, halimbawa, noong panahon ng Martial Law sa pamumuno ni Presidente Ferdinand Marcos. Kung iisipin nang mabuti, ang lugar, sa usapin ng kasaysayan, ay kaugnay ng panahon, dahil ang mga pangyayaring makasaysayan ng isang bansa ay mga pangyayaring naganap o nagaganap sa nasabing bansa. Ang lugar at panahon ng isang kamalayan ay, samakatuwid, maituturing na bumubuo ng *kontekstong pangkasaysayan (historical horizon,* kung tawagin ng pilosopong si Gadamer) ng kamalayan. Alinsunod dito, ang punto ng ikaapat na pahayag ay maaari ding ipahayag na ang isang kamalayan ay maituturing na Pilipino kung ito ay naganap sa isang kontekstong pangkasaysayan sa bansang Pilipinas.

Ngayon, para sa mas kongkretong pagpapaliwanag ng mga nasabing pahayag, gawin nating halimbawa ang kamalayan ng ating pambansang bayani na si Dr. Jose P. Rizal. Sa partikular, tingnan natin ang kanyang kamalayan sa konteksto ng kanyang mga makabayang sulatin, na ang dalawang katangi-tangi ay ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Ayon sa ating modelo, ating suriin kung bakit natin sinasabing makabayan ang kamalayang nakapaloob sa dalawang aklat na ito. Unang-una, ang tinatalakay ng dalawang aklat na ito ay ang mga problema ng bansang Pilipinas, na may kinalaman sa kalayaan at sa mga karapatan ng mga Pilipino. Pangalawa, ang dalawang aklat na ito ay may pangunahing layunin na makatulong sa paglutas ng mga nasabing problema.

Dumako tayo ngayon sa tanong na kung ang pananaw o mga kategoryang ginamit sa pagsusuri sa dalawang aklat na ito ay masasabi nating Pilipino. Tulad ng nasabi na kanina, kung uunawain natin ito na bilang tanong kung ang mga kategoryang ginamit ni Rizal sa kanyang pagsusuri sa nasabing mga aklat ay katutubo, magkakaroon tayo ng problema lalo na kung ating isasaalang-alang na si Rizal ay naimpluwensyahan ng mga kaisipan ng mga pilosopo noong panahon ng *Enlightenment*. Ngunit gaya na rin ng sinabi kanina, ang mahalaga ay hindi ang pinanggalingan ng mga konsepto o kategoryang ginagamit sa isang pagsusuri, kundi ang pagkaakma ng mga konsepto o kategoryang ito sa mga problemang sinusuri upang hanapan ng lunas. At hango sa naging malakas na impluwensya ng dalawang aklat na ito sa pakikibaka ng mga Pilipino para sa kanilang kalayaan at mga karapatan, masasabi nating akma nga ang mga konsepto o kategoryang ginamit ni Rizal.

Tungkol naman sa partikular na lugar at panahon ng kamalayang nakapaloob sa dalawang aklat na ito, walang duda na ang kamalayang ito ay naganap sa isang kontekstong pangkasaysayan sa Pilipinas. Ito ay isinulat noong makasaysayang panahon ng pananakop ng mga Kastila sa bansang Pilipinas. Bagamat maaaring sabihin na isinulat naman ito ni Rizal sa ibang bansa ang kamalayang nakapaloob sa pagsulat ng mga ito ay hindi lamang naman binubuo ng kamalayang naganap noong isinulat sa papel ang mga aklat na ito. Ang malaking bahagi ng kamalayang nakapaloob dito ay nangyari na noong mga panahon bago pa man tumungo sa ibang bansa si Rizal.

Sa pagdating ng globalisasyon, hindi maiiwasan ang mga pagbabagong mangyayari sa ating kultura. Subalit ang mga pagbabagong ito ay hindi kailangang magbunga ng paglalaho ng ating pambansang identidad. Ito ay depende sa ating desisyon kung saan natin gustong dalhin ang mga pagbabagong ito. Halimbawa, kung gagamitin natin ang globalisasyon para sa paglutas ng mga problema ng mga Pilipino, mas lalo nating maitataguyod ang ating pambansang identidad. Ang *globalisasyon*, samakatuwid, ay isang hamon sa katatagan ng ating pambansang identidad. Nararapat lamang na harapin natin ang hamon na ito sa tamang paraan. Ngayon, upang mas maitaguyod pa natin ang ating pambansang identidad sa harap ng mga pagbabagong dala at dulot ng globalisasyon,

kailangan nating magkaroon ng isang malinaw at matatag na pag-unawa sa mga batayan o pinagmumulan ng ating pambansang identidad. At, ayon sa ating pagsusuri, sa apat na paraan maaaring sabihin na ang isang kamalayan ay Pilipino: (1) kung ang bagay o pangyayari kung saan nakaugnay ang kamalayan ay may kinalaman sa bansang Pilipinas o sa mga mamamayang Pilipino; (2) kung ang kamalayan ay nakaugnay sa mga bagay na makatutugon sa mga pangangailangan ng bansang Pilipinas o ng mga mamamayang Pilipino; (3) kung ang kamalayan ay nasa isang pananaw kung saan ang ginagamit na mga konsepto o kategorya ay akma sa kontekstong Pilipino o kaya naman ay ipinahahayag sa wikang Filipino, at (4) kung ang pagkakaugnay ng kamalayan sa isang bagay o pangyayari ay nasa lugar at panahon ng bansang Pilipinas.

Paano natin ngayon magagamit ang mga pahayag na ito bilang mga batayan sa layuning maprotektahan at lalong pagyamanin ang ating pambansang identidad sa harap ng mga pagbabagong dala at dulot ng globalisasyon? Maraming aspekto ang globalisasyon, gawin lamang nating halimbawa ang mga makabagong teknolohiya at impormasyong dala nito. Ang tanong ngayon ay: *Sa ating paggamit ng mga teknolohiya at impormasyong ito, paano natin mas lalong maitataguyod ang ating pambansang identidad?* Alinsunod sa mga batayan ng ating pambansang identidad, ito ay kung ginagamit natin ang mga teknolohiya at impormasyong ito: (1) upang lumawak ang ating kamalayan sa mga bagay o pangyayaring may kinalaman sa bansang Pilipinas o mga mamamayang Pilipino; (2) upang mas lumalim ang ating pag-unawa sa mga pangangailangan at kakulangan ng bansang Pilipinas o mga mamamayang Pilipino at sa mga nararapat na pamamaraan para mapunan ang mga pangangailangan o kakulangang ito; (3) sa mga pamamaraang sinusuri natin kung alin sa mga ito ang akmang gamitin sa pagsasaalang-alang ng kultura ng mga Pilipino tulad ng kanilang mga pagpapahalaga at ng mga kondisyong pisikal ng bansang Pilipinas gaya ng klima, upang matugunan ang mga pangangailangan ng bansang Pilipinas o ng mga mamamayang Pilipino; at, (4) sa partikular na lugar at panahon, o sa isang partikular na kontekstong pangkasaysayan, ng bansang Pilipinas—ibig sabihin, dito sa bansang Pilipinas nagaganap ang ating paggamit sa mga teknolohiya at impormasyong ito.

Ang mga pahayag na ito ay nasa panlahatang pananalita. Ang mga kongkretong detalye nito ay kailangan pang pag-isipan nang mabuti. Subalit ang mga ito ay maituturing na mga paunang hakbang na sa aking palagay ay nasa tamang direksyon.

MGA SANGGUNIAN

Amin, Samir. *Obsolescent Capitalism.* New York: Zed Books Ltd., 2003.

Callinicos, Alex. *Against the Third Way: An Anti-Capitalist Critique.* Cambridge: Polity Press, 2001.

Carnap, Rudolf. "Empiricism, Semantics, and Ontology." *The Linguistic Turn.* Isinaayos ni Richard Rorty, Chicago: U of Chicago P, 1967.

De la Dehesa. *Winners and Losers in Globalization.* Oxford: Blackwell, 2006.

Descartes, Rene. "Discourse on the Method of Rightly Conducting the Reason and Seeking for the Truth in the Sciences." *Great Books of the Western World.* 2nd Edition. Chicago: U of Chicago, 1990.

Gadamer, Hans George. *Philosophical Hermeneutics.* Isinalin at isinaayos ni D. E. Linge. Berkeley, CA: U of California P, 1967.

Heidegger, Martin. *Being and Time.* Isinalin ni J. Macquarrie and E. Robinson. New York: Harper and Row, 1962.

Held, David. ed. *A Globalizing World? Culture, Economics, Politics.* London: Routledge, 2004.

Husserl, Edmund. *Ideas: General Introduction to Pure Phenomenology.* Isinalin ni W.R. Boyce Gibson. London: Allen and Unwinn, 1931.

Inwood, Michael. A Hegel Dictionary. *Cambridge: Blackwell, 1992.*

Kant, Immanuel. *Critique of Pure Reason.* New York: Macmillan, 1968.

Monshipouri, Mahmood. "Identity and Human Rights in the Age of Globalization: Emerging Challenges in the Muslim World." *Zaman online.* http://www.globalpolicy.org/globaliz/cultural/2005/0502identity.htm, 2005.

Rice-Oxley, Mark. "In 2,000 Years, Will the World Remember Disney or Plato?" *Christian Science Monitor.* http://www.globalpolicy.org/empire/analysis/2004 0115plato.htm, 2004.

Rothkop, David. "In Praise of Cultural Imperialism? Effects of Globalization on Culture." *Foreign Policy.* http://www.globalpolicy.org/globaliz/cultural/globcult.htm, 1997.

Russell, Bertrand. "The Philosophy of Logical Atomism." *Logic and Knowledge: Essays 1901-1950.* Isinaayos ni R. C. Marsh. London: Allen and Unwin, 1970.

Sartre, Jean-Paul. *Being and Nothingness.* Isinalin ni H. E. Barnes. New York: Pocket Books, 1966.

Seabrook, Jeremy, "Localizing Culture." Korea Herald. *http://www.globalpolicy.org/globaliz/cultural/2004/0113jeremyseabrook.htm,* 2004.

Searle, John. *Intentionality*. Cambridge: Cambridge U P,1983.

Spinoza, Benedictus de. *Ethics*. Isinaayos at isinalin ni G.H.R. Parkinson. Oxford: Oxford U P, 2000.

Wittgenstein, Ludwig. *Philosophical Investigations.* Isinalin ni G.E.M. Anscombe. New York: Macmillan, 1962.